BPSD Student Attendance Expectations

- Ang lahat ng mga mag-aaral sa BPSD ay inaasahang pumasok sa paaralan, maliban na lamang kung sila ay may sakit o may kasunduan sa paaralan tungkol sa isyung pangkalusugan. Inaasahan din ang ganap na pakikilahok ng mga mag-aaral sa magaganap na “remote and blended classes”.

• Kung ang mag-aaral ay may anumang sintomas ng trangkaso (ubo, lagnat, pananakit at pamamaga ng lalamunan, sipon, pananakit ng ulo at kalamnan, pagkahilo/pagduduwal, labis na pagkahapo), kinakailangan niyang manatili sa bahay.

• Kung ang kasama sa bahay ay nasuring may COVID-19, kinakailangan nilang kumonsulta sa Health Links upang mabigyan ng mga kaukulang direksyon bago pumasok sa paaralan.

• Ang mga mag-aaral ay kinakailangang mag self-isolate sa loob ng 14 na araw kung sila ay naglakbay sa labas ng MB, hindi kasama ang pagbiyahe sa western Canada, the Territories, o sa Ontario west of Terrace Bay. Tumawag sa paaralan ng inyong anak upang ipaalam ang dahilan ng pagliban ng mag-aaral.

• Kung ang mag-aaral o isa sa mga miyembro ng tahanan ay nagpositibo sa pagsusuri ng COVID-19, ang mga magulang/tagapag-alaga ay kinakailangang makipag-ugnayan kaagad sa prinsipal ng paaralan upang ito ay maipaalam kaagad sa Superintendent/CEO. Ang paaralan ay makikipag tulungan sa pamunuan ng public health.

Mga Inaasahan at Pamantayang Pangkalinisan:

• Ang mga mag-aaral ay kinakailangang gumamit ng hand sanitizer o maghugas kaagad ng kamay pagpasok sa paaralan.

• Ang mga mag-aaral ay kinakailangang sumunod sa mga palatandaan sa sahig gaya ng mga directional arrows o physical distancing spacing sa lahat ng oras habang nasa loob ng paaralan.

• Ang pagsunod sa mga alituntunin ng personal hygiene na nagpapababa sa panganib na dala ng virus ay kinakailangang sundin sa lahat ng oras. Ang mga ito ay ang:

- • pagtatakip ng bibig at ilong kapag uubo at babahing, gamit ang tissue o ang nakabaluktot na siko
- • agarang pagtapon sa ginamit na tissue sa basurahan.

• ang palagiang paghuhugas ng kamay, lalo na pagkatapos umubo o bumahing na walang gamit na tissue, paghawak sa mga bagay gaya ng hawakan ng pinto o gripo, pati na bago at pagkatapos kumain
• pag-iwas sa paghawak sa mata, ilong, o bibig.
• pagsunod sa mga alituntunin sa physical distancing ng lahat ng mag-aaral at mga tauhan ng paaralan